

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 10
Migrasyon
Ikalawang Markahan – Ikaanim na Linggo



Aileen C. Peñaranda
Simon Jay A. De Leon
Mary Rhine B. Mallorca
Ricky V. Marcelino

Manunulat

Mark Joseph C. Fernandez
Tagasuri

Mariel Eugene L. Luna
Editor at Layout



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Sa ating pagtalakay sa araling ito, mauunawaan kung ano ba ang dahilan at epekto ng pag-alis ng tao sa kanyang kinagisnang lugar. Sa katunayan, maraming positibo ang dulot ng migrasyon ngunit sa kabilang banda ay mayroon din naman itong negatibong epekto na dapat nating maunawaan sa pag-aaral ng konsepto at konteksto ng migrasyon ng ating kapwa Pilipino. Bilang isang mag-aaral ay dapat tayong maging mapanuri sa nangyayari sa ating lipunan upang alam natin ang tamang pagtugon sa bawat isyu na kinahaharap ng ating bansa.

Tayo na't pag-aralan ang mga inihandang gawain upang lalo pang mapalalim ang iyong pagkaunawa sa migrasyon at ang mga dahilan at epekto nito sa ating buhay at sa bansang kinabibilangan.




UNANG PAGESUBOK

Bilang panimula, subukin mong sagutan ang paunang pagsusulit upang matukoy ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa mga paksa na tatalakayin. Bigyang-pansin ang mga tanong na hindi masasagutan nang wasto at alamin ang sagot nito sa iba't ibang aralin sa modyul na ito.

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang titik ng wastong sagot sa bawat katanungan.

1. Ang mga sumusunod ay ang mga dahilan kung bakit lumilipat o umaalis ng lugar ang isang tao MALIBAN sa isa.
 - A. Paghahanap ng ligtas na tirahan
 - B. Hindi gusto ang pinuno o lider ng isang lugar na tinitirahan
 - C. Hinihikayat ng mga kamag-anak para magkaroon ng mas magandang oportunidad
 - D. Paghahanap ng hanapbuhay na makapagbibigay ng malaking kita na inaasahang maghatid ng masaganang pamumuhay
2. Ayon sa datos, 60 porsiyento ng mga migrante ay kababaihan na halos dumarami pa para maghanapbuhay. Ano ang mahihinuha natin rito?
 - A. Ang mga kababaihan ay higit na malalakas kaysa sa mga kalalakihan
 - B. Mas dumarami ang kababaihan na nangangagrapng maunlad na buhay.
 - C. Mas higit na mapagkakatiwalaan ang mga kababaihan pagdating sa aspetong pinansyal.
 - D. Nagkaroon na ng kakayahan at karapatan ang mga kababaihan na kilalanin ang kanilang kakayahan sa iba't ibang panig ng mundo.



<https://unstats.un.org/unsd/demographic-social/meetings/2017/bangkok-international-migration-data/Session%207/Session%207%20Philippines.pdf>

3. Ano ang migrasyon?
 - A. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar
 - B. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat sa kaguluhan ng mga mamamayan
 - C. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat dulot ng mga hindi inaasahang pangyayari sa lugar na pinagmulan.
 - D. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa isang lugar pansamantala man o permanente
4. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing dahilan ng migrasyon?
 - A. Matuto ng mga bagong kasanayan
 - B. Makapag – aral sa mga tanyag na paaralan at unibersidad
 - C. Makapunta sa mga magagandang pook
 - D. Makapaghanap buhay na may mataas na sahod
5. Marami ang bilang ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) sa iba't ibang panig ng mundo upang magtrabaho at mapunan ang pangangailangan ng kani-kanilang pamilya. Bukod sa may maganda itong dulot para sa sarili at sa kanilang pamilya, mayroon din itong dulot sa ating bansa. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang?
 - A. Pagpapalago ng ating ekonomiya
 - B. Pagpapatibay ng samahan sa iba't ibang bansa
 - C. Pagpapataas ng kalidad ng kakayahan ng mga manggagawang Pilipino
 - D. Pagkakaroon ng oportunidad na makapaglibo't sa iba't ibang panig ng mundo.
6. Alin sa mga sumusunod ang hindi magandang dulot ng migrasyon sa manggagawang Pilipino?
 - A. Nalalayo sa pamilya
 - B. Mas natutugunan ang pangangailangan pinansyal
 - C. Mas nahahasa ang kanilang kakayahan sa pagtatrabaho
 - D. Nagkakaroon ng oportunidad na makapunta sa ibang panig ng mundo.
7. Ito ay tumutukoy sa pagkaunti o pagkaubos ng mga manggagawang propesyunal para magtrabaho sa ibang bansa.

| | |
|-----------------|--------------------|
| A. Brain freeze | C. Economic freeze |
| B. Brain drain | D. Brawn |
8. Paglipat ng tao o grupo ng mga tao na nagaganap sa loob lamang ng bansa ay tinatawag na _____?

| | |
|------------------------|---------------------------|
| A. Kalakalang panloob | C. Panloob na imigrasyon |
| B. Kalakalang panlabas | D. Panlabas na imigrasyon |
9. Alin ang HINDI dahilan ng permanenteng migrasyon?

| | | | |
|--------------|------------|--------------|------------|
| A. Hanapuhay | B. Turismo | C. Edukasyon | D. Tirahan |
|--------------|------------|--------------|------------|
10. Lahat ay dahilan ng migrasyon, maliban sa isa.

| | |
|-------------------------------------|---------------------------|
| A. Paghahanap ng ligtas na tahanan. | C. Edukasyon |
| B. Brain Drain | D. Kawalan ng hanap-buhay |
11. Ikaw ay nagtapos bilang isang propesyonal na doktor, ngunit ikaw ay napiitang mangibang bansa dahil sa mababang sweldo sa Pilipinas. Ano ang epekto ng migrasyon ang ipinapakita dito?
 - A. Pag-unlad ng ekonomiya
 - B. Pagbabago ng populasyon
 - C. Pag-unlad ng ekonomiya
 - D. Brain Drain











12. Dahil sa dalas ng banta ng terorismo sa inyong lugar sa probinsiya ay naisip mong tumira na lamang sa Maynila, anong uri ng migrasyon ang tinutukoy dito?
- A. Internal Migration
B. External Migration
C. Expanded Migration
D. Migration Transition
13. Nabibili mo ang gamit mo sa eskwela dahil sa padala ng iyong mga magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa. Ano ang epekto ng migrasyon ang ipinapakita dito?
- A. Pag-unlad ng ekonomiya
B. Pagbabago ng populasyon
C. Pag-unlad ng ekonomiya
D. Brain Drain
14. Walang makitang trabaho ang iyong kapatid dahil sa dami ng kakompetensiya sa paghahanap ng trabaho. Ano ang epekto ng migrasyon ang ipinapakita dito?
- A. Pag-unlad ng ekonomiya
B. Pagbabago ng populasyon
C. Pag-unlad ng ekonomiya
D. Brain Drain
15. Ang tawag sa mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na hindi dokumentado?
- A. Temporary Migrants
B. Labour Migration
C. Irregular Migrants
D. Refugees Migration



BALIK-TANAW

GAWAIN 1: I FILL YOU!


Panuto: Mula sa nakaraang aralin tungkol sa konsepto ng migrasyon, punan ng wastong kahulugan ang mga salitang nakasulat sa ibaba.

| | | |
|---|---------------------------|---|
|  | EMIGRANT |  |
|  | IRREGULAR MIGRANTS |  |
|  | IMMIGRANT |  |
|  | TEMPORARY MIGRANTS |  |
|  | PERMANENT MIGRANTS |  |



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Bigyang pansin at pag-aralan ang diyagram na makikita sa ibabang bahagi. Sa iyong palagay, patungkol saan kaya ang diyagram na ito? Ano ang iyong napapansin dito? Bakit kaya may mga Pilipinong ninanais na magpunta o manirahan sa ibang bansa? May epekto ba ito sa ating bansa?



<https://unstats.un.org/unsd/demographic-social/meetings/2017/bangkok--international-migration-data/Session%207/Session%207%20Philippines.pdf>

Makikita natin sa datos ng Philippines Statistics Office na malaki talaga ang bilang ng mga Pilipino na nasa ibang bansa. Patunay lamang ito na maraming Pilipino rin ang naghahangad na makapag ibang bansa. Bakit?

Ang pangunahing salik na nagtutulak sa migrasyon ng mga Pilipino sa ibang bansa ay sa usaping pangkabuhayan. Taon-taon nadaragdagan ng mga nakapagtapos ang labor market ng Pilipinas na limitado lamang ang kakayahang tumanggap ng mga empleyado. Ang sitwasyong ito ang nagtutulak sa mga Pilipino na humanap ng oportunidad sa ibang bansa na nangangailangan ng kanilang serbisyo.

Sa madaling salita, upang higit na maunawaan ang dahilan kung bakit naalis ang mga Pilipino at ang epekto nito ay makikita sa diagram.



Ano ano nga ba ang mga dahilan at epekto kapag umaalis ang tao sa kanyang bansa?

URI NG MIGRASYON

1. Panloob na migrasyon (Internal Migration) – Paglipat ng tao o grupo ng mga tao na nagaganap sa loob lamang ng bansa. Maaaring magmula ang tao sa isang bayan, lalawigan, o rehiyon patungo sa ibang pook.

2. Panlabas na migrasyon (International Migration) – ito ay tawag sa paglipat ng tao o grupo ng mga tao mula sa isang bansa patungo sa iba pang bansa.

DAHILAN NG MIGRASYON



hanap-unay na makapagbibigay ng malaking kita na inaasahang maghahatid ng masaganang ramumuhay



paghahanap ng ligtas na tirahan



panghihikayat ng mga kapamilya o kamag-anak na matagal nang naninirahan sa ibang bansa



pag-aaral o pagkuha ng mga teknikal na kaalaman partikular sa mga bansang industriyalisado

EPEKTO NG MIGRASYON



- Ang pagkakaroon ng napakataas at napakababang populasyon ay may tuwirang epekto sa migrasyon.



- Ayon sa International Organization for Migration, umabot sa milyon-milyong migrante ang walang kaukulang papeles taon-taon. Ang mga migrante ng ito ay nahaharap sa mapanganib na mga paglalakbay, pang-aabuso ng mga ilegal na recruiter at smuggler, mahihirap na kondisyon sa pamumuha, at kawalan ng suporta sa pagtapak nila sa ibang lupain.



- Ang pangigingibang bansa ng mga OFW ay may epekto sa kanilang mga naiwang pamilya lalo na sa kanilang mga anak. Nangungulila ang mga anak at naiwan sa pangangalaga ng ibang kaanak tulad ng lolo, lola, tiyo, o tiya.



- Ang kanilang mga remittance o ipinadadalang pera sa kanilang pamilya ay nagsisilbing kapital para sa negosyo. Napakarami na ring OFW ang nakapag-ahon sa kanilang pamilya sa kahirapan at nakapagtapos sa kanilang mga anak sa pag-aaral.



- Ang isa pang epekto ng migrasyon ay ang tinatawag na "brai drain" na kung saan matapos makapag-aral sa Pilipinas ang mga eksperto sa iba't ibang larangan ay mas pinipili nilang mangibang-bansa dahil mas maganda ang oportunidad na naghihintay sa kanila.



GAWAIN

GAWAIN 2: TIM BANGIN NATIN!

Panuto: Isulat sa kaliwang bahagi ng timbangan ang hindi mabuting epekto ng migrasyon (-) at sa kanang bahagi naman ang mabuting epekto ng migrasyon (+). Matapos itala ang mga epekto ng migrasyon, ipahayag ang iyong mahihinuha ukol dito sa pinakaibabang bahagi.



Ano ang iyong mahihinuha tungkol sa epekto ng migrasyon?




TANDAAN

Ating isaisip na ang may iba't-ibang uri ng Migrasyon. Dapat din nating malaman ang mga positibo at negatibong epekto ng migrasyon. Bilang isang aktibong mamamayan ay kailangan na maging bukas ang isip sa kinakaharap na suliranin natin ngayon ng sa gayon ay makagawa ng mga solusyon na naaangkop upang sa pagdating ng araw ay makatulong sa pag-unlad ng ating bansa.

GAWAIN 3: HAGDAN NG KARUNUNGAN

Panuto: Gamit ang hagdan ng karunungan ilahad ang iyong nalaman, natutunan at ang maibabahagi mo sa iyong kapwa bilang isang aktibong mamamayan.





PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Sa pagkakataong ito, lubos na nating naintindihan ang sakripisyo ng mga ating mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa o ang mga tinatawag na Overseas Filipino Workers na kung saan sa kabila ng kanilang pagsasakripisyo ay may kapalit na magandang epekto sa kabuhayan, lipunan, pampolitikal, at sa kanilang pansariling pangangailangan.

GAWAIN 4: USAP TAYO!

Panuto: Mula sa iyong mga natuklasan at naunawaan, gumawa ng isang Position Paper na nagtatalakay sa iyong panig sa Epekto ng Migrasyon. Pagkatapos itong maisulat, i-upload ito sa iyong facebook, obserbahan ang reaksiyon ng iyong mga kaibigan at makipagtalakayan ukol dito.

MIGRASYON: Nakakabuti nga ba?



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

Binabati kita! Narating mo na ang bahagi kung saan ay tatayain ang iyong nalalaman sa araling ito. Piliin ang letra ng iyong napiling sagot. Makikita mo lamang ang kabuuan ng iyong nakuha pagkatapos mong masagutan lahat ng aytem.

I. Maramihang Pagpili.

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa ibaba.

1. Ang mga sumusunod ay dahilan ng migrasyon maliban sa isa:
 - A. Paghahanapbuhay na makapagbibigay ng malaking kita
 - B. Makapag-aral o makakuha ng mga teknikal na kaalaman
 - C. Makahanap ng ligtas na tirahan para sa kani-kaniyang pamilya
 - D. Makapagbakasyon sa iba't ibang panig ng mundo na kung saan ay madadalaw din ang kanilang mga kamag-anak
2. Ano ang tawag sa mga taong walang mapasukang trabaho kahit may kakayahan at sapat na edukasyon?
 - A. Employed
 - B. Employment
 - C. Unemployed
 - D. Underemployed

3. Saan karaniwang nagmumula ang mga nandarayuhan?
 - A. Sila ay mula sa mayamang bansa patungo mayaman ding bansa.
 - B. Sila ay mula sa mahirap na bansa patungo sa mahirap ding bansa.
 - C. Sila ay mula sa mas mahirap na bansa patungo sa mas mayamang bansa.
 - D. Sila ay mula sa mas mayamang bansa patungo sa mas mahirap na bansa.
4. Bakit marami sa mga Pilipino ang umaalis ng bansa bilang OFW?
 - A. Dahil nais nilang maiangat ang kanilang katayuan sa buhay
 - B. Dahil nais nilang makakita ng mga dayuhang gwapo at maganda
 - C. Dahil nais nilang makarating sa ibang bansa at makapagliwaliw
 - D. Dahil nais nilang mabisita ang kanilang mga kamag-anak sa ibang bansa.
5. Malaki ang porsyento ng mga manggagawa na bumubuo sa lakas paggawa ay mga kababaihan. Bilang kalihim ng Department of Labor at Employment, paano ka makatutulong sa pagtataguyod ng mga karapatan ng mga kababaihan?
 - A. Gumawa ng isang action plan na magtatampok ng mga proramang protekta at mag-aalaga sa mga kababaihan.
 - B. Gumawa ng isang panayam sa mga kababaihang manggagawa sa iba't ibang sektor ng lipunan at alamin ang solusyon.
 - C. Ibilin ang mga kababaihan sa mga kalalakehang manggagawa upang maalagaan sila ng mabuti at di sila mapahamak.
 - D. Makisali sa mga rally na nagtataguyod sa mga karapatan ng mga kababaihan at maging isa sa mga aktibista na magsusulong ng karapatan.

II. Pagpapaliwanag

Panuto: Ipaliwanag ang iyong sagot base sa mga ibibigay na katanungnan.

1. Bakit tumataas ang bilang ng mga Pilipinong migrante?

2. Ano-anong pagbabago ang nararanasan ng mga mamamayan dahil sa migrasyon?

Rubrics para sa bilang 1 and 2:

| Kategorya | 5 Puntos | 4 Puntos | 3 Puntos | 2 Puntos | 1 Puntos |
|--|-------------|----------|------------|--------------------|--------------------|
| Naipaliwanag ang ideyong maayos at naipabatid ang wastong kasagutan sa bawat tanong. | Napakahusap | Mahusap | Katamtaman | Di-gaanong Mahusap | Di-Lubhang Mahusap |

Sanggunian

Antonio, Eleanor D., Dallo, Evangeline M., Imperial, Consuelo M., Samson, Maria Carmelita B. & Soriano, Celia D. 2017. **Kayamanan; Mga Kontemporaryong Isyu**. Sampaloc, Manila: Rex Book Store, Inc. (RBSI)

Urgel, Eliabeth T., Madrigal, Christopher L., Ramos, Dexter John V. & Javar, Roderick C. 2018. **Paglinang sa Kasaysayan (Kontemporaryong Isyu)**. Makati City: Diwa Learning Systems Inc.

Sarenas, Diana Lyn R. 2017. **Mga Kontemporaneong Isyu**. Quezon City: Sibs Publishing House, Inc.

Jose, Mary Dorothy dL., Ong, Jerome A., Navarro, Atoy M., Villan, Vicente C., PhD & Abejo, Arthur G. 2017. **Mga Kontemporaryong Isyu**. Quezon City: Vibal Group, Inc.

<https://peac.org.ph/wp-content/uploads/2019/10/APGR10Q2-Lesson-3.pdf>

<https://unstats.un.org/unsd/demographic-social/meetings/2017/bangkok--international-migration-data/Session%207/Session%207%20Philippines.pdf>

<https://unstats.un.org/unsd/demographic-social/meetings/2017/bangkok--international-migration-data/Session%207/Session%207%20Philippines.pdf>

<https://unstats.un.org/unsd/demographic-social/meetings/2017/bangkok--international-migration-data/Session%207/Session%207%20Philippines.pdf>

<https://www.rappler.com/corruption/62055-history-migration-filipinos>

<http://pinoyweekly.org/new/2011/10/migrasyon-sa-gitna-ngkrisis-pandaigdig/>

https://www.iconfinder.com/icons/379383/3_student_icon

<https://news.mb.com.ph/2020/04/07/dole-expedites-assistance-to-workers/>

ID,2C,3C,4A,5A

Pangwakas na Pagsusult

1B,2D,3D,4D,5D,6A,7B,8C,9B,10B,11D,12A,13A,14B,15C

Unang Pagsubok

SUSI SA PAGWASTO